## Lungsod ng Seattle

# Mga Panuntunan sa Pagkapribado

Kumukuha ang Lungsod ng Seattle ng personal na impormasyon mula sa publiko upang makapagbigay kami ng maraming mahalagang serbisyo kabilang ang pangkomunidad at mahalagang proteksyon sa imprastraktura, pagtugon sa tawag sa 911, pangangasiwa sa basura, paghahatid ng kuryente at iba pang mga serbisyo.

*Nagsusumikap kaming gawing balanse ang pagkalap ng impormasyon upang magbigay ng mga kinakailangang serbisyo at pagprotekta sa pagkapribado ng publiko.*

Bagama't pinoprotektahan ng mga batas sa pagkapribado ang ilang personal na impormasyon, ang impormasyong aming nakakalap ay gagawing talaan ng pamahalaan na maaaring tingnan ng iba sa pamamagitan ng mga paghiling ng mga pampublikong talaan. Samakatuwid, mahalagang malaman mo kung kailan at paano kinakalap ang iyong personal na impormasyon, kung paano namin ito ginagamit, paano namin ito ibinubunyag at gaano katagal namin itong itinatago.

Ginagabayan ng mga sumusunod na Panuntunan sa Pagkapribado ang mga aksyong ginagawa namin kapag kinukuha at ginagamit ang personal mong impormasyon:

### 1 Pinapahalagahan namin ang iyong pagkapribado...

Napakahalagang panatilihing pribado ang iyong personal na impormasyon. Pinag-iisipan namin ang mga potensyal na peligro sa iyong pagkapribado at kapakanan ng publiko bago kunin,

### 2 Kinukuha at pinapanatili lang namin ang kailangan namin...

Kinokolekta lang namin ang impormasyon na kailangan namin upang maghatid ng mga serbisyo sa Lungsod at pinapanatili ito hangga't pinapahintulutan ng batas at upang maihatid ang mga serbisyong iyon. Kapag posible, sasabihin namin sa iyo kung

### 3 Paano namin ginagamit ang iyong impormasyon...

Kapag posible, gagawin naming available ang impormasyon tungkol sa aming mga paraan ng paggamit ng iyong personal na impormasyon sa oras na makuha namin ito. Nangangako kaming bibigyan ka ng

### 4 May pananagutan kami...

Responsibilidad naming pamahalaan ang iyong personal na impormasyon sa paraang tumutugon sa aming mga pangako at iniaatas ng batas. Pinoprotektahan namin ang iyong personal na impormasyon sa pamamagitan ng paghihigpit sa hindi awtorisadong access at sa pamamagitan ng pagprotekta sa aming mga computer mula sa mga

### 5 Paano namin ibinabahagi ang iyong impormasyon...

Sinusunod namin ang mga batas ng pederal at estado tungkol sa pagbubunyag ng impormasyon sa tuwing nakikipagtulungan kami sa mga ahensya sa labas ng pamahalaan at sa pagtugon sa Mga Kahilingan sa Pagbubunyag sa Publiko (Public Disclosure Requests o PDRs). Ang mga kasosyo sa

### 6 Mahalaga ang katumpakan...

Pinagsusumikapan naming panatilihin at gamitin ang tumpak na personal na impormasyon para sa negosyo sa Lungsod. Kung maaari, pagsusumikapan naming iwasto ang hindi tumpak na personal na impormasyon. Sinasabihan din namin ang aming mga kasosyo at